

COVID19: 'Di Inakalang "Sorpresa" Sa Taiwan

By Kimberly Tampus

Sa tuwing mag-apply na mag-aral sa ibang bansa, karaniwang maiisip mo ay ang paglalakbay, paggalugad ng bagong kultura, pag-uwi sa sariling bansa tuwing bakasyon at magsaya. Karaniwang inaasahan mong magkaroon ng kasiya-siyang oras habang nag-aaral. Hindi pag-aaral habang may COVID19. Kung iisipin, sa huli nating naiisip ang pandemiya sa tuwing magplanong mag-aral sa labas ng bansa.

Walang sinuman ang ligtas sa virus. Libo-libong namatay at naging positibo ang nababalitaan araw-araw. Umabot na sa puntong nagkakaroon na ng problema sa kakulangan ng lugar ng mga libingan. Kahit ang mga hayop sa zoo at palahayupan ay naging positibo rin sa virus at nalamang nakakahawa ng sakit. Sa Denmark ay nabalitaang 17 milyong mink ang pinatay para mapigilan ang pagkalat ng virus. Walang pigil ang paglaganap ng COVID-19 sa buong mundo hanggang sa kasalukuyan.

Ang mga lungsod ay mukhang naging abandonadong lugar. Lahat ng ospital ay punong-puno ng pasyente. Mga restawran ay dumedepende na lang sa kanilang mga "online deliveries". Daan-daang tao ay nawalan ng mga trabaho habang ang mga manggagawang "frontliners" ay nasawi dahil sa kanilang trabaho. Ang ekonomiya ay nagsisimula na ring bumagsak. Parang walang katapusan ang problema sa lahat ng aspeto.

Sa gitna ng pandemiya, patuloy pa rin ang buhay sa paaralan. Maraming field trip at mga programang hindi naituloy at ang mga klase ay ginawang "online". Ang unibersidad ay naging kanlungan ng mga mag-aaral na hindi makabalik sa kanilang mga sariling bansa dahil sa mahigpit na ipinagbawal ang pagbibiyahe na iniutos ng gobyerno ng Taiwan. Nagbigay ng maraming tulong ang institusyon para sa mga mag-aaral na nangangailan. Bukod doon, para higit pang masigurado ang kaligtasan ng mga mag-aaral, guro at lahat ng mangagawa, isinara ang paaralan mula sa publiko.

Noong ika-31 ng Disyembre, 2019, nagsimulang kumalat ang mga kaso ng pulmonya sa Wuhan, China na may di pangkaraniwang sanhi. Walang bansa ang nakakita sa malaking banta ng panibagong sakit maliban sa Taiwan. Dahil sa kalapitan nito sa China, ang buong bansa ay kaagad na nagsagawa ng mga hakbang para maiwasan ang mabilis na pagkalat ng sakit. Ang pagbibiyahe ay nilagyan ng limitasyon para sa kaligtasan ng lahat. Pinaantala ang pagsimula ng klase para sa paghahanda ng mga pasilidad na naayon sa utos ng Sentro sa Pagkontrol ng Sakit sa Taiwan.

Lahat ay nagbago. Bawat gusali ay may istasyon para sa pagkuha ng temperatura at disimpeksyon. Ang mga mahahabang mesa sa kapiterya ay nilagyan ng mga "screen" na parang magmuhak itong mga "cubicle". Lahat ay

kailangang gumamit ng "face mask" at kumilos nang may distansya sa ibang tao. Kahanga-hangang makita dito ang pagtutulungan ng gobyerno at ng taumbayan.

Sa kabila ng lahat ng problemang dulot ng pandemiya, masasabi kong marami pa rin akong natutunan. Isa na ang kahalagahan ng kalistuhan. Ang kalistuhan ng Taiwan ang siyang dahilan kung bakit naging matagumpay ang kanilang pagkontrol sa pagkalat ng sakit sa buong bansa. Walang dalang kumilos ang Taiwan nang mabalitaang mayroong panibagong sakit mula sa China. Ipinakita nila ang kahalagan ng paggawa ng mga hakbang para makaiwas sa sakit at pag-angat ng kamalayan ng tao tungkol sa pandemiya. Gumawa sila ng mga patakaran na nakakatulong na maghikayat sa tao na gumamit ng mga pantakip sa mukha o "face mask" at magdistansya sa iba upang protektahn ang sarili mula sa sakit. Kapuna-puna ang ipinakitang pagsunod ng mga tao sa mga bagong patakaran hindi lang dahil sa takot sa impeksyon kundi dahil sa pagmamalasakit sa kapwa. Totoong naipakita nila na mas mahalaga ang pag-iwas kaysa sa paglunas.


Isang beses ay nagkataong nasa lugar ako kung saan may nalamang naging positibo sa COVID, dahil dito ako ay nangangailangang magsagawa ng pansariling na pamamahala sa kalusugan. Ako'y pinagbilinan ng aming departamento na manatiling sa aking bahay sa loob ng dalawang linggo at obserbahan ang sarili para sa mga sintomas ng sakit. Ako ay nabahala hindi lamang dahil sa posibilidad na mahawahan kundi pati na rin ang pagkompromiso ng aking mga gawain sa laboratoryo. Parang mang baliw, ngunit kung ikaw ay isang mag-aaral, hindi mo maiwasang isipin ang lahat ng mga bagay na kailangang gawin kahit ika'y nasa masamang kalagayan. Sa mga araw na nasa bahay lang ako, palagi naman akong kinakamusta ng aking propesor, mga kasamahan sa lab, pamilya at mga kaibigan. Nakatanggap ako ng mga email, mensahe at tawag para magtanong tungkol sa aking kondisyon at pag-alok ng tulong kung ako'y nangangailangan. Mga salitang pampatibay-loob at kabutihan ang pumuno sa aking mga araw at maniwala ka, walang ni isang araw na nakaramdam ako ng lungkot. Napatunayang ang paggawa ng kabutihan, gaano man kalaki o liit, ay mayroong malaking epekto sa kagalingan ng isang tao.

Ako'y natutong pahalagahan ang pagsasagawa ng mga gawi ng pag-aalaga sa sarili. Ang pag-aaral at pagtatrabaho ay hindi lamang ang mga bagay na dapat nating unahin kundi pati rin ang pag-aalaga sa kalusugan natin. Minsan, dahil sa kagustuhan natin na maging sobrang produktibo ay hindi natin nabibigyan ng pansin ang ating mga sarili. Dahil sa COVID19, naging mas makabuluhan ang aking pag-aaral. Halos lahat ng plano ko ay sinira ng pandemiya at binigyan ako ng mga araw ng pagkabahala at "stress". Gayon pa man, nakatulong ito sa akin upang mapabuti ang aking katatagan at kilalanin aking mga prayoridad sa buhay. Bukod dito, natuklasan ko ang matibay pagkakaibigan, masuportang mga kasamahan, mapag-unwang mga propesor at isang unibersidad na mapagmalasakit.

Sa aming mahal na National Chung Hsing University, maraming salamat sa lahat.



Mga upuang malapit sa NCHU lake ay hinarangan upang maiwasan ang pag-iipon ng mga tao dito.



Kapiterya ng NCHU



Maliban sa pangunahing pasukan ng unibersidad, lahat ng daang maaring mapasukan ay hinarangan [kaliwa]. Lahat ng pampublikong pasilidad ay isinara rin [kanan].



Istasyon para sa pagkuha ng temperatura at disimpeksyon sa pasukan sa gusali ng "Agrikultura at Likas na Yaman"